www.kidworship.kr

# Ang Kaloob ng Biyuda

– 15th Story–



97Page

N A R Isang araw, Si Jesus at kanyang mga alagad ay pumunta sa templo. Umupo si Jesus malapit sa pinaglalagyan ng mga kaloob doon sa templo at pinagmamasdan ang mga taong naghuhulog ng pera. Isa sa kanila ay isang mayaman na payabang na lumapit...

Rich Man Ahem, ah ---mabigat-bigat 'to----

N A R Binuksan ng mayaman ang lalagyanan nya ng pera at inilabas ang pera para makita ng lahat. Pagkatapos ay kumuha sya ng bahagi ng kanyang pera at inilagay sa lalagyan ng mga kaloob. Nagbulungan ang mga tao nang makita nila na maraming pera ang inilagay ng mayaman sa lalag-yan ng kaloob.

Person 1 Hoy, tingnan mo sya! Talagang marami syang pera ---

Person 2 Oo nga, tingnan mo ang inilalagay nya sa lalagyan ng kaloob --- mal-akas siguro talaga ang pananampalataya nya---

Person 1 Tama ka. Siguradong pagpapalain sya ng Diyos sa laki ng binigay nyang kaloob.

.................................................................



98Page

N A R Nang matapos ang mayaman, isang mahirap na byuda na nakasuot ng nanlilimahid na damit ang lumapit sa lalagyan ng kaloob. Kahit maraming tao ang naroon, walang pumansin sa kanya.

Widow Ito lang lahat ang pera ko....pero nagpapasalamat pa rin ako dahil kahit papano may maibibigay akong kaloob sa Diyos.

.................................................................



99Page

Clink ~

N A R Nang marinig ng mga tao ang pagkalansing ng barya sa lalagyan ng kaloob, pinagtawanan nila ang mahirap na byuda.

Person 1 Paano nya nagawang maghandog ng sobrang liit sa Diyos?

Person 2 Siguro napakaliit din ng kanyang pananampalataya--

Person 1 Ako, kikita ako ng maraming pera at magbibigay din ako ng malaking halaga tulad ng mayaman kanina.

.................................................................



100Page

N A R May isang tahimik na nanonood sa lahat ng ito. Tama, si Jesus. Ti-nawag Nya ang Kanyang mga alagad at sinabi:

Jesus "Sinasabi ko sa inyo ang totoo, mas malaki ang ibinigay ng biyudang iyon kaysa sa kanilang lahat.



101Page

**Disciple** Jesus, anong ibig mong sabihin? Ang mayaman ay nagbigay ng malaking halaga sa Diyos pero ang byuda ....dalawang barya lang ang ibinigay.

**Jesus** Sapagkat silang lahat ay nagbigay galing sa sobra nilang pera, pero ang biyuda ay nagbigay sa kabila ng kanyang kahirapan. Ibinigay niya ang lahat ng ikabubuhay niya."

..........................................................................................................

**NAR** Hindi tumitingin ang Diyos sa panlabas nating anyo. Hindi din Nya tinitingnan kung gaano kalaki ang binibigay nating kaloob. Ang gustong makita ng Diyos ay kung gaano natin Sya kamahal...kung gaano talaga natin Sya kamahal.